VOL 4 NO 4 | HUNYO 11 - 20, 2018

# TAPAT

TAPAT SA BALITA. TAPAT SA BUHAY

OPINYON 4

## Palabiro talaga si Hesus




# SANLAKBAY

## Tagumpay na nakatapos ang 199 na drug surrenderers sa rehabilitation program 3

## Menor-de-edad gumagamit ng pekeng pasaporte para mangibang bansa, naharang sa NAIA 2

## TRAIN Law, maaari pang makasira sa pag-aaral ng mga kabataan-senador 3

2


## DUTERTE, HINAMON NA SIBAKIN SI CALIDA KUNG TALAGANG KONTRA-KATIWALIAN ITO

## Batas kontra terorismo, paiigtingin ng kongreso 2

# Menor-de-edad na gumagamit ng pekeng pasaporte para mangibang bansa, naharang sa NAIA




(caption)

Binalaan ng Bureau of Immigration (BI) ang publiko, lalo na ang mga naghahangad na magtrabaho sa ibang bansa tungkol sa mga illegal recruiters matapos maharang ng naturang ahensya ang isang menor-de-edad na gumagamit ng pekeng pasaporte at pagkakakilanlan upang upang makaluwas bilang Overseas Filipino Worker o OFW.

Sa inilabas na pahayag ng tanggapan nitong Huwebes, ika-31 ng Mayo, naharang nila ang isang 17-anyos na dalaga na itinago nila ang pagkakakilanlan na may gumagamit di umano ng mga palsong dokumento sa Terminal 1 ng Ninoy Aquino International Airport na papasakay na sana ng eroplano patungong Riyadh, Saudi Arabia.

Ayon kay Immigration Commissioner Jaime Morente, maituturing na child trafficking ang naturang krimen at ipinasa na nila ang kaso sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) at sa Inter-Agency Council against Trafficking (IACAT) para sa karagdagang imbestigasyon.

Pinaliwanag naman ni BI Officer-in-charge Associate Commissioner and Port Operations Chief Marc Red Mariñas sa parehong ulat na lumabas umano sa imbestigasyon na nakahalata ang mga tauhan tila mas mukhang bata ang naturang dalaga kaysa sa 23-anyos na nakasaad sa dala nitong mga dokumento.

Ang hinala ng mga opisyal ng BI ay nabiktima ang babae ng parehong sindikatong nahuling nambiktima ng mga OFWs na may palsipikado umanong mga Overseas Employment Certificates at mga pekeng pagkakakilanlan.

Isang kaparehong kaso rin ang naiulat kamakailan lamng kung saan nahuli ang isang 20 -anyos na babaeng papunta sanang Dubai na gumamit ng mga dokumento ng isang 25 taong gulang na OFW.

"We will not allow Filipinos to be victimized by human traffickers and illegal recruiters," wika ni Morente "Our Immigration Officers are on alert to ensure that these syndicates will not succeed." ***(Joselle Dela Cruz)***

# Duterte, hinamon na sibakin si Calida kung talagang kontra-katiwalian ito



Hinamon ni Akbayan senator Risa Hontiveros si Pangulong Duterte na patunayan ang paglaban nito sa katiwalian at sibakin sa puwesto si Solicitor General Jose Calida matapos lumabas na kumulimbat ang isang law firm ng pamilya nito ng milyon-milyong halaga mula sa mga government contracts.

Matapos pumutok ng balita na kumubra ng mahigit P150 milyong halaga ng mga government contracts ang security business firm na pagmamay-ari ng pamilya ni Solicitor General Jose Calida, hinamon ng isang senadora si Pangulong Rodrigo Duterte na sibakin ito sa puwesto at sampahan ng mga kaukulang kaso bilang patunay ng pagkontra nito sa katiwalian sa pamahalaan.

Sa isang pampublikong pahayag, hinamon ni Akbayan senator Risa Hontiveros ang punong ehekutibo na tanggalin sa puwesto si Calida sapagkat ito ay hakbang patungo sa "rehabilitasyon ng mga sirang institusyon ng bansa."

"I challenge President Duterte to prove his anti-corruption rhetoric. I challenge him to not only fire Mr. Calida but also to file the necessary charges against him. After all, if he can order the Solicitor General to file a case against the Supreme Court Chief Justice, he can do the same to the former. Otherwise, his anti-corruption stance is pure hogwash,

"After the removal of Mr. Vitaliano Aguirre from the Department of Justice, Mr. Calida's dismissal is most appropriate. We cannot tolerate public officials who coddle and give special treatments to drug lords and high-profile criminals, or in Mr. Calida's case, a solicitor General who lawyers for plunderers like pork barrel mastermind Janet Lim-Napoles and the Marcoses, and a Solicitor General whose personal businesses profit from the government," giit nito.

Kinondena din ng senadora ang "fire and recycle policy" 'di-umano ng administrasyon na tila naging istilo na nito sap ag sisisante ng mga opisyal at pagrereassign sa kanila sa ibang departamento o opisina.

**"Stop recycling corruption'**

"Recycling corrupt public officials is recycling corruption. Corrupt public officers, who have been shielded from calls of transparency and accountability, are non-recyclable," paliwanag nito

Ayon sa senadora, isa itong anyo ng korapsyon sa pamahalaan. "President Duterte should stop recycling corruption," pang wakas ni Hontiveros. ***(Niceforo Balbedina)***

# Batas kontra terorismo, paiigtingin ng kongreso

Pinagaaralan na ng kongreso ang muling pagpapatalas ng ngipin ng batas umpisa sa pagbubuo nito ng isang technical working group of TWG na mamumuno sa pagiisa ng dalawang panukala na mangangalaga sa seguridad ng bansa laban sa banta ng terorismo.

Sa ilalim ng pinagsamang House committee on Public Order and Safety at committee on National Defense and Security, pagiisahin ng naturang TWG ang House Bill (HB) 7141 at HB 5507 na aamyenda sa mga security laws na nakatagtag na sa konstitusyon.

Ayon kay Antipolo Representative at chairman ng committee on public order and security, ang mga hinain nilang panukala sa pagaamyenda ng ilang mga batas at nakatuon sa pagpapatibay ng mga anti-terrorism efforts ng pamahalaan at gawin itong mas tumutugon sa mga banta sa seguridad ng bansa.

Naglalayon ang HB 7141 na amyendahan ang Republic Act (RA) No. 9372 o ang "Human Security Act of 2007" habang ang HB 5507 naman ay kikilala sa aktong pagsali sa lahat ng mga tinaguriang terrorist organization ng parehong United Nations Security Council at mga pambansang korte bilang isang krimen.

Sa pahayag na nilabas ng kongreso, pinaliwanag na inaaral ng TWG na palitang ang pangalan ng RA 9372 mula "Human Security Act of 2007" at gagawing "Prevention of Terrorism Act of 2018" hindi lamang upang maitulad at mapadali ang pag-ugnay sa mga foreign laws na gumagamit na din ng parehong pangalan kundi pati narin para maiwasan ang kalituhan sa pagka't sa paglaban ng terorismo lamang umiikot ang naturang panukala.

Pinagaaralan din ang pagdagdag ng tatlo pang ibang mga panabing krimen sa balangkas ng mga depenisyon ng terorismo.

Kabilang sa mga panibagong kikilalaning krimen ng terorismo ay ang RA 9208 o ang "Anti-Trafficking In Person Act of 2003; RA 9165 na pinamagatang "Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002; at ang RA 10175 o ang "Cybercrime Prevention Act of 2012."

Bukod pa diyan, isasama din ang iba pang mga krimen tulad ng proposal to commit terrorism; inciting to terrorism; recruitment to terrorist organization; providing material support to terrorists or terrorist organization, foreign terrorist fighter, at glorification of terrorism.

Gagawin ding panghabambuhay na ang kasalukuyang 40 na taon lamang ang sentensya sa mga taong mapatunayang lalabag sa naturang panukala mangyari maipasa na ito bilang batas.

Samantala, paiigtingin din ng kongreso ang HB 5507 o ang "Unlawful Membership in Terrorist Organizations Act of 2017" na kikilala sa pagsali o sa kagustuhang sumali ng isang indibiduwal sa kahit anong samahan na kinilala ng pamahalaan at ng UN bilang terrorist groups biulang isang krimen na pwedeng parusahan sa korte.

Sa ilalim ng panukala, ang sinumang mapatunayan sa korte na lalabag dito ay masesentensyahan ng reklusyon perpetua o panghabang buhay na pagkakabilanggo.

Iminungkahi din naman ni ACT TEACHERS Representative Antonio Tinio na magpasok ng mga Human Rights advocates sa binuong TWG para makatulong sila sa mga pagtatalakay sa naturang panukala. ***(Niceforo Balbedina)***

## Definition of Terms

**WITNESS** – sila ay ang mga saksi na maaaring tumestigo sa trial ukol sa mga pangyayari na kanilang nakita, naamoy, nadinig, nalasahan, o nadama. Maaari lamang tumestigo ang witness sa mga bagay na ayon sa kaniyang personal na kaalaman.

**PLEADING** – ito ay mga kasulatan ng mga partido ukol sa kanilang mga pahayag o depensa. Isinusumite ang pleading sa korte, at dito binabase ng korte ang paghahatol nito.

**PRE-TRIAL** - ito ay ang pagpupulong ng judge at ng mga partido sa kaso, pati ang kanilang abugado. Nangyayari ito pagkatapos matipon ng korte ang mga isyu ng kaso, o kapag ang huling pleading ay napasa na sa korte. Nagkakaroon ng pre-trial para mapabilis ang litigasyon at o mapasimple ang mga isyu. Sa pre-trial, maaaring magkasundo ang mga partido para hindi na mapatagal ang kaso.

**TRIAL** - ito ay isang proseso sa korte kung saan iniimbestigahan at pinagaaralan ang mga legal na kontrobersiya ng kaso. Dito iniaalay ng mga partido ang kanilang ebidensiya at testimonya ng kanilang mga witness.

**JUDGMENT** – dito tinutukoy ng korte kung ang pahayag ng mga partido ay may kabuluhan. Ang mga judgment ay palaging dapat na nakasulat at ihinanda ng judge. Dapat ay nakalahad sa judgment ang mga pangyayari sa kaso, at ang batas na kung saan nakabase ang judgment. Ang mga hatol ay dapat pirmahan ng judge at ipasa sa clerk of court.

# SANLAKBAY: Tagumpay na nakatapos ang 199 na drug surrenderers sa rehabilitation program

TINATAYANG aabot sa 199 drug surrenderers mula sa labing-apat na Parokya o simbahan sa Kamaynilaan ang maluwalhating nakapasa sa anim na buwang programa ng community rehabilitation program sa ilalim ng Sanlakbay sa Pagbabago ng Buhay na pinamumunuan ng Archdiocese of Manila.

Sa kasalukuyan, may labing-anim na Parokya ang Archdiocese of Manila na aktibong nagpapatupad ng Sanlakbay. Naunang nagsimula ng nasabing programa sa maliliit na parokya ng San Roque, Sta. Monica sa Tondo at Our Lady of Remedies sa Malate Maynila, taong October 2017.

Ayon kay Rev. Fr. Roberto "Bobby" Dela Cruz, priest in-charge ng Sanlakbay program, inaasahang madadagdagan pa ang bilang ng mga graduates bago sumapit ang ikalawang taong anibersaryo ng Sanlakbay sa darating na Oktubre dahil aabot na sa 16 na parokya na ang kabuuang sumailalim sa nasabing programa.

Bago magsipagtapos ang mga surrenderer sa loob ng 6-buwan, kabilang sa proseso ng community rehabilitation program ng Sanlakabay,ay ang pag-alam sa kung sino sa kanila ang may nais magpatuloy ng pag-aaral o magkaroon ng hanapbuhay. Mula dito ay hahanap ang simbahan ng mga katuwang na networks upang makapagbigay ng tulong sa mga nagsitapos.

Bukod dito, nais din ng simbahan na alalayan ang mga drug surrenderer na makabuo ng bago nitong komunidad o mga kakilala upang unti-unting mailayo sa dating buhay. Sa isang pag-aaral, tinatayang aabot sa 18 buwan hanggang dalawang taon ang inaasahang igugugol ng isang drug surrenderer upang



Larawan mula sa Sanlakbay Sa Pagbabago Ng Buhay Facebook Page

ganap na makapag-bagong buhay.

Nauna nang ipinahayag ni Manila Archbishop Luis Antonio Tagle na tiwala siya na sa pagtutulungan ng simbahan at pamahalaan sa Programang Sanlakbay ay makakamit ang inaasam na pagbabagong buhay ng mga drug surrenderer.

May tatlong aspeto ang modyul na ibinabahagi ng simbahan bilang pagkalinga sa mga nais magbagong buhay tulad ng paghubog sa buhay espiritwal ng mga sumukong drug addicts at drug pushers para makilala nila ang Panginoon sa pamamagitan ng salita ng Diyos, at katesismo at pagharap sa buhay kung sino sila at kung ano ang tingin sa kanila ng Diyos.

Dagdag pa rito, ang pag-unawa sa batas at kapangyarihang umiiral kasabay ng kanilang mga karapatan ay ibinabahagi din sa rehabilitation program.

Ang Sanlakbay sa Pagbabago ng Buhay Program ay binubuo ng Caritas Restorative Justice Ministry, Center for Family Ministries (CEFAM), University of Sto. Tomas Graduate School Psycho-Trauma (UST-GS-PRC), DAP, PCCID, Department of Health, Department of Interior and Local Government(DILG), Philippine National Police (PNP) at Radio Veritas.

# 2 AWOL na pulis, arestado sa pagtutulak ng shabu

Timbog ang dalawang naka-Absent without Leave (AWOL) na mga pulis matapos mahuli dahil sa 'di-umanong pagtutulak ng iligal na droga sa isinagawang buy bust operation ng pulisya kamakalawa ng gabi sa Rodriguez, Rizal.

Nakilala ang mga suspek na pulis na sina dating PO2 Benjo Villanueva Sionilo, 37-anyos, at dating PO1 Ivan Hwenrick Ramos Tavas, 33-anyos, kapwa residente ng Barangay Geronimo ng naturang lungsod.

Ayon sa imbestigasiyon, inaresto ang mga suspek sa isang buy bust operation ng pinagsanib na puwersa ng Personnel of Provincial Intelligence Board/Provincial Drug Enforcement Unit (PIB/PDEU) at Station Drug Enforcement Team ng Rodriguez police bandang alas 10:20 ng gabi sa Metro Montana, Barangay Burgos ng nasabing bayan.

Nakuha sa kanila ang limang sachet ng hinihinalang shabu at dalawang 9 mm na kalibre ng baril na kanilang service firearms noong sila ay aktibo pa sa serbisyo. Wala nang nagawa ang dalawang AWOL na pulis nang pagdadamputin sila ng kanilang mga paniyero dahil sa pagtitinda ng iligal na droga.

Napag-alaman naman na si Sionilo ay umabot na sa 11 taon sa serbisyo sa Philippine National Police (PNP) at ang huling assignment nito ay sa Antipolo City pa habang si Tavas naman ay may 7 taon sa serbisyo bago nag AWOL matapos mabigyan ng huling assignment nito sa Rizal Mobile Force Company.

Sa ngayon sinampahan na ng kaukulang kaso ang dalawang suspek habang nakapiit ang mga ito sa Rodriguez Municipal Police Station. ***(Mae Ann Cansino)***

# TRAIN Law, maaari pang makasira sa pag-aaral ng mga kabataan - senador

Kasabay ng pagsalubong sa unang araw ng muling pagbubukas ng mga klase, isang senador ang nagpahayag ng pagkabahala sa maaring maidulot ng pagtaas ng mga presyo ng bilihin na hatid ng bagong TRAIN Law sa pagaaral ng mga kabataang nanggagaling sa mga mahihirap na mga pamilya.

Sa isang pahayag, sinabi ni Liberal Party Senator Bam Aquino na maraming mga pamilyang Pilipino ang maaaring piliin na lamang na isakripisyo ang edukasyon ng kanilang mga anak makasabay lang sa sunod-sunod at patung-patong na pagtaas ng presyo ng mga gastusin.

"Dahil sa pagtaas ng presyo, maraming mahihihirap na estudyante ang maaaring hindi na makapag-aral,

"Tumaas na ang cost of living pero hindi pa rin nadadagdagan ang kita ng mga manggagawa. Dahil kulang na ang suweldo, maaaring masakripisyo na ang pag-aaral ng mahihirap na estudyante," giit ni Aquino.

Dagdag pa ng senador, dahil din sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo, tuluyan na din napapasawalang halaga ang mga government's assistance programs tulad ng Pantawid Pamilya Pilipino Program o 4Ps at ang samut-saring mga programang paaral.

"Hindi na sapat ang tulong ng 4Ps para matugunan ang pangangailangan ng mahihirap na Pilipino. Buti na lang at may libreng kolehiyo na," paliwanag nito.

**Suspension ng TRAIN**

Kasabay ng paghahain ni Aquino ng mosyon na nagnanais paatrasin ang excise tax na ipapataw ng TRAIN sa presyo ng gasoline at iba pang mga produktong petrolyo, ay ang paghain din nito ng isa pang resolusyon na naglalayong rebisitahin ang unconditional transfer program sa ilalim padin ng naturang batas.

Sa isang hiwalay na panayam sa CNN Philippines, pinaliwanag din ng senador ang kanyang mungkahi sa senado sa dapat pagsabayin ang mga programang tulad ng nabanggit na makakatulong sa mga mamamayan at ang pagtaas ng mga presyo.

Ayon kay Aquino, karamihan sa mga safeguards sa ilalim ng naturang batas ay sadyang hindi pa handa at isa itong implikasyon na hindi pa din handa ang TRAIN Law para maipatupad.

"It's not only the unconditional cash transfer. Last Friday, we were in Legazpi with senator [Grace] Poe, and they had a hearing there on public services so yung jeepney operators yung kausap namin. Yung napangako na Pantawid Pasada Program is also not ready. So a lot of the safeguards in the are simply not ready- wala yung tulong na hinahanap ng taong bayan. So why are we continuing to drive the prices up?" paliwanag nito.

Para sa senador, sapat nang dahilan para suspindihin ang pagpapatupad ng naturang batas ang pagiging hindi handa ng malalaking bahagi nito.

"It's still not enough, you know I go around different places. Yung mga sinasabi ng mga kababayan natin 'Senator, nalulunod na kami sa presyo ng bilihin' and yung lumalapit sa amin go from fishermen in Rizal, informal settlers in Quezon City, Jeepney operators in Legazpi, all over the Philippines," sabi nito.

"Yung pagtaas ng presyo, hindi na dapat politicized iyan,It affects everyone... All parts of the Philippines, all socioeconomic classes, all colors, ito ang number one na problema," giit nito. ***(Niceforo Balbedina)***

## EDITORYAL

# Metikulosong Disenyo

Unti-unting lumilinaw ang larawang binubuo ng administrasyon. Masasabing hindi lamang pagkakataon ang nagdulot ng mga pangyayari kundi isang malaking plano na dinisenyong mabuti. Maaaring mainam itanong, ano ang larawang ito?

Mula sa pagkulong ng mga taga-oposisyon, tungo sa pagpapatalksik ng Chief Justice ng Korte Suprema, hanggang sa kasalukuyang pagpalit ng president ng Senado, hindi mapagkakailang lumilingon pabor ng administrasyon ang mga pangyayari. Naluklok bilang bagong Senate President si Vicente "Tito" Sotto III matapos bumitaw sa pwesto si Aquilino Martin "Koko" Pimentel III noong ika-21 ng Mayo 2018. Tiwala si dating Senate President Pimentel na si Sotto ang pinaka-kwalipikadong umupo sa posisyon dulot ng kanyang dalawang dekadang serbisyo sa Senado. Ngunit sa loob ng dalawang dekadang ito ay mapapansing maraming nasangkutang eskandalo ang senador mula sa plagiarism hanggang sa mga kontrobersyal na argumento tungkol sa LGBTQ+ at kababaihan.

Sa unti-unting pamumuno ng partido ng Presidente sa mga sangay ng gobyerno, maaaring isipin na napaka-napapanahon ng pagtalaga ng bagong Senate President na tanyag sa kanyang mga kontrobersiya. Ang Senado, lingid sa kaalaman ng karamihan at kumpara sa ibang sangay ng gobyerno, ay ang natitirang sangay na may pinakamaliit na impluwensiya mula sa administrasyon. Sa pag-upo ni bagong Senate President Tito Sotto, hindi malabong magbago ang tingin ng publiko sa Senado dahil sa mahabang nakaraan ng naturang senador.

Maaalalang nagkumento dati ang senador kay dating Department of Social Welfare and Development (DSWD) Secretary Julie Taguiwalo tungkol sa kanyang pagiging single parent. Nilarawan ni Sotto si Taguiwalo as "na-ano lang" matapos malamang mayroon siyang dalawang anak at walang asawa. Umani ng maraming kumento si Sotto lingid dito lalo na sa iba't ibang grupo na ipinaglalaban ang karapatan ng mga kababaihan.

Marami ding kumentong inani si Sotto sa paulit-ulit na pangongopya ng talumpati ng iba sa kanyang mga diskurso sa Senado. Maaalalang inakusahan ng plagiarism si Sotto matapos matuklasang isinaling bersyon ng talumpati ni US Senator Robert F. Kennedy ang ginamit ni Sotto sa kanyang turno en contra laban sa Reproductive Health (RH) Bill noong 2012. Bukod dito ay natuklasan ding kumopya din ng talumpati ang senador mula sa iba't ibang manunulat mula sa internet na kanyang sinagot bilang "ang pagsasalin sa mga talumpatiing 'yon ang pinakamatass na uri ng pagpapapuri (deriving from their work is the highest form of flattery)".

Bukod sa mga nakaraang kontrobersiya ay mapapansin ding malapit ang relasyon ni Sotto sa administrasyong Duterte sa kabila ng kanilang magkaibang partido. Mula sa National People's Coalition (NPC) si Sotto habang si Duterte ang kasalukuyang namumuno ng PDP-Laban ngunit may kasalukuyang alyansa ang NPC sa PDP-Laban.

Base sa mga rasong ito ay maaaring makita ang paunti-unting pagtanim ng control ng administrasyon sa mga sangay ng gobyerno. Mula sa Kongreso at Korte Suprema ay tila hawak na ng gobyerno ang mga desisyon. Sa pagtalaga kay Sotto bilang Senate President ay tiyak dahan-dahang magbabago ang takbo ng senado pati ang pananaw ng mga tao tungkol sa awtoridad ng sangay pambatas (legislative branch) ng gobyerno.

Tila unti-unting lumalawak ang kontrol at unti-unting nabubuo ang disenyong binuo ng administrasyong Duterte. Sa pamamagitan ng paghawak sa leeg ng lahat ng sangay ng gobyerno ay mas lalo lamang lalakas at bibilis ang pagsunod sa kagustuhan ng mga pulitiko tungo sa isang bansa na magiging huwad ang katotohanan at mapanupil ang polisiya laban sa mga ordinaryong mamamayan.

Bawat larawan ay dinidisenyo at bawal disenyo ay pinaplano ng maigi at ginugugulan ng oras. Tila matagal ng handa ang administrasyong Duterte bago pa man nabago ang pamumuno sa senado. Sa pag-upo ni Sotto, maaari lamang nating hulaan kung ano ang susunod na mangyayari. Sa panahong ito ay panahon na ring magkaroon ng mitikulosong disenyo ang taumbayan laban sa isang administrasyong nagbabadyang padilimin muli ang kasaysayan ng Pilipinas.




PAGHILOM

# Palabiro talaga si Hesus



**Bishop Pablo David**

Katulad ng sinabi niya sa ebanghelyo ngayon: "Kung ang kamay mo ay maging sanhi ng pagkakasala mo, putulin mo... Kung ang mata mo ay maging sanhi ng pagkakasala mo, dukitin mo..."

Alam niya, na kung ikaw ay taong marunong mag-isip, sasabihin mo sa loob-loob mo, "Teka, pwede bang maging sanhi ng pagkakasala ang kamay ko? Pwede ko bang pagalitan ang kamay ko kapag nagnakaw ito? Sasabihin ko ba sa kamay ko, 'Galit ako sa iyo! Nagnakaw ka kasi!' Katawa-tawa di ba! Alam kasi natin na walang sariling isip ang kamay o mata o paa ng tao."

Tayo ang tinutukoy niyang katawan. Ang sambayanan ng kanyang mga alagad. Di ba ito sinabi sa ebanghelyo ni San Juan, siya ang puno, tayo ang mga sanga? Di ba ito sinabi sa sulat ni San Pablo sa mga taga-Korinto, Lahat kayo ay bahagi ng iisang katawan?

May kasabihan tayo sa Tagalog na malapit dito: "Ang sakit daw ng kalingkingan ay ramdam ng buong katawan." Totoo ba ito? Hindi lagi! Kung minsan, pag may diperensya ang katawan, namamahid ang ibang mga bahagi. Kahit pukpukin mo ang daliri o paa, walang maramdamang sakit ang ibang mga bahagi. Dapat tayong mabahala kapag nangyari ito. Ibig sabihin, hindi na buo ang katawan.

Noong nakaraang linggo, may pinatay na naman sa 4th Ave sa amin sa Kalookan. Dalawang lalaking naka-helmet at naka-motorsiklo ang biglang huminto sa gitna ng kalsada. Nakuha ang pangyayari sa isang pribadong CCTV kaya napanood ko ang "footages".

Hinarangan ng "riding in tandem" ang trapik. Ipinarada ang kanilang mga motorsiklo sa gitna ng kalsada. Bumaba ang isa at binaril ang isang drayber na nakaupo sa isang traysikel na nasa di kalayuan. Pagkatapos ng ilang putok, lumakad ang mamamatay-tao at sumakay muli sa nakaparadang niyang motorsiklo sa gitna ng kalsada. Sumunod na bumaba ang kasama niya mula sa pangalawang motorsiklo, inulit ang pagbaril sa ulo ng biktimang nakahandusay na sa kalsada, at pagkatapos, normal ding lumakad at bumalik sa motorsiklo niya at humarurot ng takbo.

Hindi naman ang pagpatay mismo ang nakababagabag sa akin. Masyado na kasi kaming sanay sa pagpatay dito sa amin; ni hindi na nga gaanong pinag-uusapan ang mga ganitong pangyayari. Mukhang kahit ang media nagsawa na sa ganitong balita; hindi na nirereport dahil pareho lang naman, walang bagong anggulo. Lalo na pag may nagsabing pabulong, "Drug suspect iyan." Ang tunay na ikinagulat ko ay: maraming nanood. Hindi sila nagtakbuhan. Ang mga naghihintay na mga sakay ng mga motorsiklo, traysikel, at mga dyip.

Nakunan din sila ng CCTV, nanonood. Nang humarurot na ang pangalawang motorsiklo ng ikalawang mamamatay-tao, gumalaw na rin ang trapik. Parang normal lang na nagpatuloy ang mga motorista. Dinaanan nilang lahat ang nakahandusay na bangkay sa kalsada. Ni walang lumapit para tingnan kung buhay pa iyung tao.

Ito ang bumagabag sa atin. Sanay ako sa natural na ugaling Pilipino: ang pagdamay. Kahit nga aso lang o pusa ang

- PALABIRO / 6

TAPAT

NICEFORO BALBEDINA
Editor in Chief

CHRISTINE PAGUIRIGAN
Associate Editor

FRANCES ORTIGAS
Layout Artist

AREOPAGUS COMMUNICATIONS INC.
Publisher

Tapat is published every other Friday by Areopagus Communications Inc., with business address at 1111 F.R. Hidalgo St., Quiapo, Manila

You can reach us through the following:
Landline # (02) 404 16 12

Email: tapatnews@gmail.com Website: www.tapatnews.com All rights reserved 2018

# Opinyon

"ITO NA NAMAN TAYO"

## Ma, punta tayo sa palengke!



Niceforo Balbedina

Naging nakagawian na namin ng nanay ko ang mamalengke tuwing Linggo ng umaga. Sa katunayan, linggu-linggo nang nagiging katatawanan sa bahay namin ang kung paano niya ako ginigising sa umaga at kung sa paano ko siyang pabirong tinatanggihan.

Mula sa pag-gising ay kakaunting paghahanda lamang ang ginagawa naming dalawa bago umpisahan ang nasa ilang oras na pamamalengke. Sa lakad namin papunta doon ay nagkakaroon kami ng pagkakataon na mapagusapan ang mga nangyari sa linggo namin at makahabol sa mga kwento naming dalawa.

Sa mga sandaling iyon, tila lumalabo ang mga linya na tumatakda sa pagiging mag-ina namin at nakikita namin ang isa't isa bilang matalik na magkaibigan. Sa mga sandaling iyon, lalo kong nakikita ang galing nang pagpapalaki sa akin ng nanay ko na siyang dahilan kung paano ako nakarating sa kung nasaan man ako ngayon nang walang utang na kailangang singilin sa kaniya.

Napaka-importante sa akin ang mga pagkakataong iyon sapagka't ang mga iyon ang kumakalabit sa aking kunsensya na nagpapaalala sa akin ng lungkot na maaari kong maidulot sa nanay ko kapag nakikita ko ang aking sarili na lumalapit sa desisyong gumawa ng masama, mambastos o magbitaw ng mga mapapanakit na mga salita.

Tuwing lumalapit ako sa posibilidad na piliin magkamali, natatanong ko ang aking sarili kung ano ang masasabi ng nanay ko sa daanang aking tatahakin.

Nitong mga nakaraang linggo, ginulat tayong muli ng ilang mga personalidad sa kapasidad nilang gawing peryahan ang kagalang-galang na pangalan ng pamahalaan ng Pilipinas.

Sa isa sa mga talumpati ni Pangulong Rodrigo Duterte sa kaniyang state visit sa South Korea, naisipan nito ang isang napakagandang ideya na manghalik sa labi ng isang pamilyadong OFW sa entablado, sa harapan ng mundo.

Nang tanungin kung bakit, mayabang pang inamin ni Duterte na matagal na niyang istilo ang panghahalik ng mga kababaihan sa labi sa tuwing may pinupuntahan itong ibang lugar.

Bagama't umani na ng pambabatikos ang naturang isyu na sumapat na para maging laman ng ilang mga balita sa iba't ibang panig ng mundo, nagbunga ang punong ito ng kontrobersiya na talagang nagpayanig ng tuhod ng mga Pilipino.

Dahil nga naligo na sa batikos ang naturang pangyayari, naisipan ni PCOO Asec. Mocha Uson ng video na nagkukumpara ng ginawa ng Duterte sa ginawa naman ni dating senador na si Ninoy Aquino ilang saglit bago ito pinaslang sa NAIA.

Ito ang naging sanhi kung bakit binasag na ni Queen of All Media Kris Aquino ang kaniyng katahimikan at nagsalita na sa matagal nang pambabastos aniya ni Uson sa kaniyang mga yumaong magulang.

Kumalat ang balitang ito parang apoy at gumawa ng ingay na talaga namang humatak sa mga mata ng lahat ng Pilipino.

Muli, naging isang malaking pelikula na naman ang pulitikang Pilipino na nagpaaliw sa bawat mamamayan. Muli na namang nagkaroon ng klasikong tunggalian sa pagitan ng dalawang pwersa na may kani-kaniyang angking mga lakas.

Mula sa isang pambabalahura, nagbunga ang pambabastos na humati na naman sa dating nagkakaisang Pilipinas. Mula sa isang halik ay humimpapawid ang mga katanungang walang makakasagot.

Ano kaya ang iniisip nina Cory at Ninoy Aquino ngayon? Naniniwala pa kaya sila na the Filipino is worth dying for? Tama bang sabihin na may punto si Uson sa kaniyang pinalabas na pahayag?

Marami tayong mga tanong na siguro nga ay wala nang makakasagot. Pero ang akin lang naman, ano kayang sasabihin ng mga nanay ng mga taong sangkot dito sa kwentong ito sa mga naging desisyon nila bilang mga anak?

Ano kaya ang isasagot ng kanilang mga nanay, habang bitbit nila ang isang kilong galunggong at dalawang kilong bigas, habang naglalakad sila sa palengke sa darating na Linggo?

"JUAN REPUBLIC"

## True Love is a Sacrifice



John Emmanuel Ebora

Hindi ito isang makesong sanaysay tungkol sa walang kamatayan at laging pinag-uusapang paksa na kung tawagin ay pag-ibig. Nawalan na kasi ako ng motibasyong magsulat ng tungkol sa mga nakakakilig na bagay simula nang (puwersahang) ipapanuod sa akin (ng mga kasama kong mga pari at seminarista) ang pelikula ni Aga Muhlach at Anne Curtis na When Love Begins – ang pinakabasurang pelikukang ginawa ng Star Cinema. Ito ay isang pagninilay tungkol sa malalim na pakapahulugan at paraan ng paglilingkod at pagmamahal.

Likas sa tao ang magmahal at maglingkod sa kapwa. Ito ay nakatatak na sa kanyang katauhan. Sa pilosopiya ng tao, masasabing hindi tao ang isang tao kung hindi siya nagmamahal. Gayundin naman, dahil batid ng tao na hindi siya maaaring mamuhay mag-isa, ang paglilingkod o ang pagbibigay ng sarili para sa isang tao, bagay at ano pa mang dahilan ay nakaukit rin sa kanyang kalikasan.

Nasa natura din ng tao na ang lahat ng kaniyang ginagawa at ikinikilos ay may motibo. Sa pilosopiya, ito ay tinatawag na "end" o "purpose." Lahat ng kaniyang gawa at kilos ay may patutunguhan.

Dito pumapasok ang iba't ibang uri ng paglilingkod. May mga taong naglilingkod na ang motibo ay ang mga "napapala" sa paglilingkod. Mayroong mga naglilingkod dahil gusto nila ang kanilang ginagawang paglilingkod. At mayroong mga naglilingkod na may elemento ng sakripisyo para sa iba. Iisang pagkilos ngunit may iba't ibang motibo.

May mga taong naglilingkod na ang layunin ay ang kapalit o ang napapala nila sa kanilang paglilingkod – pera, kasikatan, at papuri ng kapwa. Ang mga taong ito ay hindi maglilingkod o magbibigay ng kanilang sarili kung walang kapalit o kung wala ang mga kaginhawaan sa likod ng paglilingkod. Sa madali't sabi ay pronta lamang nila ang paglilingkod sa kanilang hangarin. Kaya naman hindi kaila sa atin ang dami ng bilang ng mga elitista at pulitikong ginagawa ang lahat (sukdulan ng mandaya at makipagpatayan) makaupo lamang sa puwesto at liderato at magpanggap na naglilingkod. Mas malaki kasi ang kanilang "kikitain" mula sa kaban ng bayan kaysa sa kanilang nagastos sa pangangampanya. Ang gandang negosyo hindi ba?

May mga naglilingkod naman dahil gusto nila ang kanilang ginagawa. Kalimitan, ito ay pagbabahagi ng talento o kung anong meron ka sa kapwa. Sa madali't sabi ay kasiyahan na niya ang paglilingkod sa kapwa – isang paglilingkod na walang kahirap-hirap dahil gusto niya ang kaniyang ginagawa. Ang kalimitang motibo nito ay upang mahasa pa ang sariling kakayanan at pagpapasarap ng sarili o "self-gratification" – na walang ibang patutunghuhan kundi ang pagputong ng korona sa sariling ulo at paghalik sa sariling puwet. Ngunit hindi ito dapat na ituring na masama o isang "self-centered" na serbisyo.

Mayroon namang naglilingkod ngunit hindi nila gusto ang kanilang ginagawa o isinasakripisyo ang sariling kagustuhan sa kanilang paggawa. Hindi katulad ng sa ikalawang uri ng paglilingkod na nagmumula sa kanilang sariling kagustuhan, ang ikatlong uri ay ang paglilingkod na ang motibo ay ang makapaglingkod na may elemento ng sakripisyo. At ito, ang tunay at marangal na pakapahulugan ng paglilingkod at pagbibigay ng sarili – ang pagbibigay ng buong sarili sukdulan ng kahit buhay ay ialay. Ito ang marangal na uri ng paglilingkod – ang may elemento ng sakripisyo.

Sa tuwing ibinibigay natin ang ating buong sarili ay laging mayroong elemento ng sákit. Ito ay sa kadahilanang pinapahalagahan natin ang ating sarili kaya tayo ay nasasaktan kapag ibinibigay natin ang pagpapahalagang iyon sa iba. Hindi ito tunay na pagmamahal o pagbibigay ng sarili kung hindi ka nasasaktan. Ang tunay na nagmahal ay ang taong nasaktan. Tunay ang iyong pagmamahal na ibinibigay kung patuloy kang nagmamahal kahit ilang ulit at paulit-ulit kang nasaktan at sinasaktan.

Hindi ako naniniwala sa mga nagsasabing gusto nilang maglingkod sa kanilang kapwa Pilipino kaya gusto nilang maupo sa puwesto. Mayroong mas marangal na paraan upang magbigay ng buong sarili sa kapwa. Maaari tayong maging bayani at tagapaglingkod sa ating mga sariling marangal na paraan. Alam mo na siguro ang gagawin mo sa mga kandidatong nagsasabing "gusto kong makapaglingkod sa taong bayan kaya nais kong tumakbo sa darating na halalan." Maging matalino ka.

# Tapatan kay Attorney

LIBRENG LEGAL ADVICE

## Application of R.A. 9262, Paternity Leave and Support

*Dear Attorney,*
*Ako po si Martha. Nasa legal na edad na po ko nang makilala ko po si Abner sa kompanya na aking pinagtatrabahuan ngayon. Pagkatapos ng apat na buwan na panliligaw ni Abner sa akin ay sinagot ko na siya. Dahil sa pangako ni Abner na papakasalanan niya ako at hindi ako papabayaan kaya pumayag ako sa paki-usap niya na magtalik. Noong nakaraang buwan ay nalaman ko na buntis na pala ako. Biglang natahimik si Abner ng sinabi ko sa kanya ang aking kalagayan at hindi na kami nakapag-usap ng araw na 'yon. Nang mga sumunod na araw, bigla na lamang nawala ng parang bula si Abner at hindi ko na siya matawagan o mahanap. Maaari ko po ba siyang kasuhan sa ilalim ng Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004? At ano pa ang maaari kong gawin upang mabigyan ng proteksiyon ang aking magiging anak?*

*Lubos na gumagalang,*
*Martha*

Dear Martha,
Naiintindihan ko ang iyong agam-agam sa nangyari at kahit na ganoon ang ginawa ni Abner, sana ay maging ligtas ang iyong pagdadalang tao. Ang nangyari sayo ay maaaring dinanas na rin ng ilang kababaihan na bigla na lamang iniwan ng kanilang mga naka-relasyon.

Sa ngayon, may mga batas na naglalayong bigyan ng proteksyon ang pamilyang Pilipino lalo na ang mga kababaihan at mga kabataan.

Isa na dito ang Batas Republika Bilang 9262 o ang Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004 na naglalayong pahalagahan ang dignidad ng mga kababaihan at ang kanilang mga anak at ginagarantiya ang pagrespeto sa kanilang karapatang-pantao. Gusto ko rin idagdag na kinikilala ng estado ang pangangailangan na mabigyan ng angkop na proteksyon ang pamilya at ang mga miyembro nito lalo na ang mga kababaihan at kabataan, mula sa anumang karahasan o pananakot ukol sa kanilang kaligtasan at seguridad.

Sa pangkalahatan, nagkakaroon ng karahasan laban sa mga kababaihan at kanilang mga anak sa tuwing mayroong mga aksyon na nagawa ng kahit na sino (lalaki) laban sa babae na maaaring kanyang asawa, dating asawa, sa babaeng nagkaroon siya ng sekswal na relasyon o naka-date, o babae kung saan siya ay nagkaroon ng anak. Ito ay maging legal man o hindi, sa loob o labas ng bahay, nagresulta o maaaring magresulta ng pisikal, sekswal, pang-kaisipan na pagdudusa o pinsala, o pinansiyal na pag-abuso kasama na ang anumang pananakot, paulit-ulit na pambubugbog, paglusob, pamimilit, panliligalig o pananakot, o walang dahilan na pagpapakulong.

Ang katotohanan na nakabuntis ang isang lalaki ay hindi sapat na dahilan upang masabi na merong paglabag sa ilalim ng Batas Republika Bilang 9262. Kailangan maipakita kung ano ang relasyon ng hinihinalang akusado at ng biktima, na nagawa ng akusado ang mga nasabi o nasaklaw na aksyon, at kung ano ang naging resulta ng nasabing aksyon sa biktima. Kailangan maipakita ng biktima ang relasyon niya sa akusado at ang akusado ay may ginawang kalupitan o karahasan sa biktima.

Maaari ka rin magsampa ng Action for Damages o humingi ng danyos laban kay Abner dahil siya ay nangako na pakakasalan ka niya upang pumayag ka na makipag-talik sa kanya. Ang kanyang nasambit na pangako sa iyo ay naging dahilan upang makapanloko siya at saktan ka. At ang nasabing panloloko ay nagresulta ng pang-kaisipan na pagdudusa o pinsala sa iyo.

Nasa sa iyo rin kung papayagan mong gamitin ng bata ang apelyido ni Abner. Ngunit upang magamit ng iyong anak ang apelyido ng ama niya, kailangan ay kilalanin ni Abner na siya ang ama ng anak mo at pirmahan ang ilang bahagi ng Certificate of Live Birth ng anak niyo. Tandaan na ang paggamit ng bata sa apelyido ng kanyang ama ay may kaakibat na mga benepisyo tulad ng pagiging benepisaryo sa mga life insurance, karapatan mag-mana at iba pa.

Sa ilalim ng ating batas, ang isang ama o ang kanyang mga kamag-anak ay obligado rin na bigyan ng suporta ang kanyang anak, legal man o hindi.

Para sa ikabubuti ng inyong magiging anak, subukan niyo munang mag-usap ng masinsinan ni Abner at alamin kung anu-ano ang inyong pwedeng gawin para bigyan ng magandang kinabukasan ang inyong anak. Kung ikaw man ay mangangailangan ng iba pang tulong legal, maaari ka lamang makipag-ugnayan sa kakilala mong abogado o organisasyon na nagbibigay ng libreng legal na serbisyo.

Lubos na gumagalang,
Atty. ABAM

## MESSAGE KAY TATAY!

Happy Father's Day, Papa! Maraming salamat sa lahat ng ginawa mo para sa amin. Naaalala ko pa nung bata pa kaming magkakapatid, yung mga araw na uuwi ka ng hating-gabi dahil sinisikap mong magkaron ng dalawang trabaho para matustusan ang pagpapagamot ni bunso. Na-witness naming lahat ang sakripisyo niyo para sa amin ni mama at sobrang thankful po kami na kayo ang naging magulang namin. Ngayong nalampasan na po natin ang mga pagsubok at meron na rin kaming kanya-kanyang pamilya ay pangako po naming na kami naman ang mag-aalaga sa inyo ni mama at hindi po namin kayo papabayaan.
Maraming salamat po ulit, Papa. Mahal na mahal ka namin at wala kaming ibang pangarap para sayo kundi ang maging masaya ka. Happy Fathers Day, Pa!

**-Julie de los Santos**

Paps and Dad! Happy happy Fathers Day po sa inyo! Hindi man tayo ang masasabi nilang "pangkaraniwang pamilya" pero sobrang nagpapasalamat po ako sa Diyos na kayo ang parents ko. Hindi niyo man po ako tunay na anak pero sobrang binuhos niyo po sa akin ang pagmamahal at pag-aalaga niyo na parang sariling dugo niyo rin ako. Akala ko dati ay wala ng pamilyang tatanggap sa akin, pero nung araw na dumating kayo sa orphanage ay naramdaman ko na agad na kayo ang pamilyang itinikda para sa akin ni God. Maraming salamat po sa pagsuporta sa mga pangarap ko at sa guidance na patuloy niyong ibinibigay sa akin lalo na ngayong papalapit na ang kasal naming ni Roger. I love you Paps and Dad! Happy Fathers Day po sa inyo at patuloy niyo lang po mahalin ang pasayahin ang isa't isa.

**-Shane Paco**

PALABIRO / 4

nasagasaan, tiyak may kikilos para itabi man lang ito sa kalsada. Ganyan pa rin sa mga probinsiya. Hindi na pala ganyan ang mga Pilipino sa siyudad. Nasanay na rin sa pagkakanya-kanya. Basta hindi kaanak, kapamilya, kamag-anak o kaibigan ang biktima, wala lang. Tuloy ang lakad, tuloy ang biyahe.

Nanatili sa gitna ng kalsada ang bangkay ng di-kilalang biktima. Nangyari ang pagbaril nang maliwanag pa, bandang a-las singko y media ng hapon. Madilim na nang may dumating na kapamilya ang biktima at mga pulis na imbestigador.

Nabagabag ang loob ko. Ganito ang himutok ng dibdib ko: Diyos ko, bakit kami nagkaganito? Hindi kami dating ganito. Sanay kaming magdamayan. Pero bakit ngayon parang wala na lang?

Tayo pala ang katawang tinutukoy ng Panginoong Hesus na masakit magbiro, "sarcastic" kung mangusap. Tayo ang mga pingkaw, mga bulag, mga walang paa na tinutukoy niya. Tayo ang mga manhid at wala nang pakiramdam na pinatatamaan niya. Masyado na tayong nasanay; naging normal na ang ganitong kalakaran para sa atin. Wala nang dating.

Kaya pala, dati-rati pag may namamatayan sa mga barangay, damay-damay ang lahat ng kapitbahay. May magpapakulo ng tubig para sa kape, may magtatayo ng tolda sa may bangketa, may magluluto ng pagkain, sariling gastos ng dumadamay. Ngayon, walang ibang paraan para maipalibing ang bangkay ng dukha kundi sugal. Hindi naman darating ang mga kapitbahay para dumamay. Darating para magsugal at makinabang sa libreng kape at biskwit. Kaya pala inaabot ng dalawang linggo ang mga burol.

Ang mga dukha sa siyudad ay di hamak na mas dukha, dahil wala na rin silang kinabibilangang komunidad. Hindi na rin gaanong magkakakilala ang mga magkakapitbahay dahil iba't-ibang probinsiya ang pinagmulan. Kaya pala mas madali silang biktimahin ng mga salarin. Wala namang aalma. Walang magmamalasakit.

Ang mga "urban poor" (mga maralitang taga-lungsod) ay ganito na pala. Nasa laylayan na nga ng lipunan, nasa laylayan pa rin ng simbahan. Kahit mga binyagang Katoliko rin sila, ni hindi nila maiisip tumakbo ng simbahan upang humingi ng basbas kung hindi kusang lalabas ang mga pastol at mga kaparokya upang dumamay. Ang mga parokya natin ay may mga regular na parokyano. Masaya na tayo sa kanila dahil pinupuno nila ang simbahan. Nakakaligtaan natin na mahigit na kalahati sa mga binyagang Katoliko ay walang koneksyon sa ating mga parokya.

Ang natitirang mga tanda ng pagiging Katoliko nila ay isang munting altar sa bahay kahit dampa, merong Nazareno at plastic na bulaklak, at may gaserang kung minsan ay sanhi ng sunog. Mga dukha na nga, wala pang komunidad, walang karamay sa buhay dahil hindi sila kabilang. Ni hindi rehistrado sa NSO ang iba sa kanila, mga "undocumented Filipinos in the Philippines".

Hindi pala pagkain o gamot o bahay ang pinaka-kagyat na pangangailangan ng mga maralitang taga-lungsod. Mas kailangan nila ang isa't isa, ang muling matutong magdamayan, magbayanihan, magmalasakitan sa isa't isa. Hindi ito mangyayari kung walang mag-uugnay sa kanila, kung walang magbubuo sa kanila bilang isang katawan, kung walang iisang diwang magbubuklod sa kanila bilang isang pamayanan. Hindi ba ito ang pangunahing misyon natin bilang mga alagad ni Hesus, ang Panginoong napakasakit kung magbiro?

# Protesta De Mayo

Naging tradisyon na sa Pilipinas ang pagsasadula ng paglalakbay ni Reyna Elena sa paghahanap ng “Tunay Na Krus” kung saan sinasabing si Hesus ay napako at namatay.

Ang Santacruzan at Flores De Mayo ay ipinagdiriwang tuwing Buwan ng Mayo sa pamamagitan ng isang prosisyon tampok ang mga kababaihang nakasuot ng magagarang damit na kumakatawan sa mga makasaysayang maharlika na nakasama sa nabanggit na ekspedisyon.

Karaniwan itong itinuturing na selebrasyon ng kulturang Pilipino na sumisimbolo sa kasaysayan ng Kristyanismo, kagandahan, at romansa.

Ngunit noong 26 Mayo 2018, iba ang ipinakitang kahulugan ng Flores De Mayo na naganap sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, Lungsod ng Quezon. Ang mga kababaihan na nakilahok sa prosisyon ay kumatawan sa iba’t ibang isyu ng paglabag sa karapatang pantao ng kasalukuyang administrasyon at paghamak ng president sa dignidad at kakayahan ng mga babae sa lipunan. Ito ay inorganisa ng human rights group na Karapatan at Hustisya at tinawag nila itong “Protesta De Mayo”.

Sa halip ng kinaugaliang Flores De Mayo, itinanghal nila and kanilang bersyon ng mga Reyna. Ang Reina Justicia o Reyna ng Hustisya ay sumisimbolo sa sistema ng katarungan na nakagapos at tila umiiyak ng dugo. Ito ay panawagan sa pagpapalaya ng mga political prisoners at pagpapatuloy ng natigil na peace talks.

Patungkol naman sa “War on Drugs” ng administrasyong Duterte, ang Reina De Los Martires o Reyna ng mga Martir ay tumayong simbolo ng mga taong walang awang napaslang dahil sa di makatuwirang Tokhang Operations. Siya ay nakasuot ng terno na animo’y binahiran ng dugo at tali ng police line.

Inilarawan sa katauhan ng Reina De la Paz o Reyna ng Kapayapaan ang mga katutubo nating mga Lumad na walang katarungang kinamkamkaman at inagawan ng kanilang ancestral lands pati narin ang pagpatay sa mga nakikibaka upang ipaglaban ang kanilang karapatan. Patungkol rin ito sa Martial Law na ipinapatupad sa Mindanao at ang petisyon ng mga tao na wakasan ito.

Sagot sa paghamak ni Presidente Duterte sa mga kababaihan at mga aktibista, ang Reina Esperanza o Reyna ng Puso ay sumisimbolo sa katapangan at tungkulin na nai-aambag ng mga babae at nagpoprotesta sa ganap na pagbabago tungo sa kapakanan ng lipunan.


At ang huli ay ang Reina De La Verdad o Reyna ng Katotohanan na nakabusal ang bibig, katulad ng paghadlang ng administrasyong Duterte sa malayang pagpapahayag ng balita at impormasyon sa mamamayan.

Ayon kay Atty. Maria Sol Taule, miyembro ng human rights group na Karapatan at isa sa mga nagdisenyo ng mga bestidang isinuot ng mga Reyna, “Ang mga lumahok sa Protesta de Mayo ay mga volunteer, biktima at kaanak mismo ng paglabag sa karapatang pantao. Ang mga designers ay libreng nanahi at nag disensyo ng mga damit (The participants of the Protesta de Mayo are volunteers, victims, and relatives of those whose human rights were disregarded and violated)”.


Kinuha ng mga magaaral ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman ang pagkakataon nitong nakaraang Flores de Mayo upang makapaghatid ng pambabatikos sa tila panghahamak ng presidente sa kahalagahan ng karapatang pantao pati na rin sa dignidad at kakayahan ng mga babae sa lipunan. MARIA SOL TAULE

Inaasahan nilang makakarating ang kanilang mensahe sa nakakaraming tao at ipalaganap ang kampanya laban sa administrasyong Duterte. Ipinahatid din ni Atty. Taule sa kanyang social media account na, “Patuloy kaming makikibaka laban sa misogino at mapaniil na pamumuno! (We will continue to fight against misogyny and repressive rule over the country)”.

## CROSSWORD





Across

4. Miyembro ng pamilyang Pilipino na kadalasang tumataguyod sa pang araw-araw
5. Mga alituntunin na sinusunod ng lahat upang payapa ang bansa
7. Grupo ng mga tao na binubuo ng magulang at anak
8. Ang nagpro-protekta sa mga mamamayan, at ng alituntunin ng batas

Down

1. Materyal na bagay na pinagtratrabahuhan upang makabili ng sari-saring pangangailangan
2. Iligal na materyal kung saan ang gumagamit ay puwedeng magkaroon ng negatibong epekto
3. Miyembro ng pamilya kung saan siya ay inaaruga ng isang magulang
4. Isang aktibidades na ginagawa upang kumita ng pera
6. Bansag sa mga tatay bilang “_______ ng tahanan”




Reference: Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ) “Know your rights”

# Pekeng MMDA enforcer, kalaboso sa Pasay

Huli sa aktong panglololoko ang isang nagpapanggap na enforcer ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) nang wala itong maipresentang mga wastong dokumento sa kausap nitong operator ng tow-truck na uutusan sana nitong hatakin ang sasakyan ng una pa nitong nasitang biktima.

Kinilala ng mga awtoridad ang suspek na si Marlon C. Berame, 35 anyos, na kasalukuyan nang nasa kustodiya ng Pasay Station Investigation and Detective Management Branch.

Ayon sa imbestigasyon, pinara di umano ni berame ang isang aluminum van na bumabagtas sa Andrews Avenue patungong Airport Road ng mga alas-8:30 ng umaga.

Matapos parahin ang naturang sasakyan, namataan umano ng suspek ang isang tow truck sa di kalayuan na naisipan niyang kausapin para ipahatak ang naunang van.

Dito na pinagdudahan ni Rafael Fortaleza, isa sa mga pahinante ng tow truck, ang pagiging lehitimong MMDA enforcer ni berame sapagka't itim na jacket lamang ang suot nito at MMDA uniform pants.

Nang walang naipresentang ID at mission order ang suspek, doon na sumangguni ang naturang pahinante sa MMDA.

Nang dumating ang pumapatrolyang operatiba ng MMDA na nagkumpirma din na hindi lehitimong empleyado ng ahensya si Berame, nagpumiglas ito at nagtangkang tumakas bago mahabol ng mga awtoridad sa kahabaan ng Airport Road sa bahagi ng Barangay 190.

Nakumpiska mula sa suspek ang ilang mga gamit nan a traffic violation tickets mula sa lungsod ng Maynila, ID na pinapakilala siya bilang Skyway Auxilliary member, dalawang ID na hinihinalang kinumpiska nito sa mga nabiktimang motorist at lumang vest na may logo ng Manila Traffic and Parking Bureau.

Lumabas din sa imbestigasyon ng pulisya na marami nang nakahaing reklamo laban kay Berame na pawing mga isinampa ng mga motorist laban sa kaniya. Sasampahan si Berame ng kasong usurpation of authority.



PHOTO: PEXELS.COM

Binalaan din ni MMDA General Manager Jojo Garcia ang publiko na maging ma-ingat at huwag mahihiyang manghingi ng mga kaukulang dokumento tulad ng Mission Order at ID mula sa mga traffic enforcer na papara sa inyo.

"We will continue to go after individuals who taint the image of the agency by maliciously presenting themselves as MMDA. We ask the public to report suspicious looking character traffic enforcers they encounter," giit ni Garcia. ***(Niceforo Balbedina)***

# Kris Aquino, Hinamon Si Mocha Uson: 'Magtutuos Tayo'

Sinira na ni tinaguriang "Queen of all Media" Kris Aquino ang kanyang katahimikan nang magsalita ito sa social media patungkol sa aniya'y ginagawang pambabastos ni Assistant secretary Margaux "Mocha" Uson sa pangalan ng kaniyang minartir na Ama kaugnay ng kontrobersyal na panghahalik ni pangulong Rodrigo Duterte sa isang Filipinang manggagawa sa biyahe nito sa South Korea.

Sa live video na nilabas ng bunsong Aquino sa parehong facebook at Instagram, hinamon ni Kris si Uson na magbigay lamang ng lugar at petsa at walang takot niyang haharapin ito.

"Ang mga sinaktan mo [Uson], mga mahal na mahal ko. Ganito nalang ha, kasi deretchahan na. babae sa babae. Gusto mo ng kaaway? Ako. I am ready, anytime, anywhere, harapan. Gusto mo mag debate? Keri, I just want to say; I am ready for you and this is a direct challenge to you. Face me anywhere. Text me, you can find my number. Name the place. Name the location. Let's carry it live. Bring all your followers, I can stand alone," giit ni Aquino.

Gabi na ng Hunyo 5 nang mamayagpag sa social media ang live video ni Kris Aquino na humahamon kay Uson na tigilan na ang matagal na nitong pambabatikos at pambabastos umano sa dignidad ng mga magulang nito na sina tumaong dating pangulo na si Corazon "Cory" Aquino at ang minartir na si senador Benigno "Ninoy" Aquino na ayon sa artista ay pawing mga wala naming ginawa sa kaniya.




Tahasan nang hinamon ni Kris Aquino (kaliwa) si PCOO Asec. Mocha Uson na harapin siya ng babae-sa-babae sa pipiliin nitong petsa at lugar dahil sa aniya'y pambabastos na ginawa ng pangalawa sa pangalan ng kaniyang minartir na ama kaugnay ng kontrobersyal na panghahalik ni Duterte sa isang pamilyadong OFW sa South Korea.

Matatandaang naglabas ng video ang facebook blog ni Uson na MOCHA USON BLOG na nagpapakita ng kontrobersyal na video ng paghalik ni pangulong Rodrigo Duterte sa isang pamilyadong Overseas Filipino Worker (OFW) sa pagbisita nito sa South Korea sa kuha mula sa eroplanong sinakyan ni Ninoy bago siya pinaslang kung saan dalawang babae ang nakitang yumakap at humalik sa Ninoy na hindi sila ineengganyo.

Markado ng mga katagang "Ano ang masasabi niyo?" at "Paki-explain???" ang naturang video na nilabas ni Uson bilang tugon sa mga bumabatikos sa panghahalik ni Duterte sa isang OFW.

Kinondena ni Kris Aquino ang naturang video at sinabing "you have crossed the line" at hindi na niya daw matatanggap ang pambabastos na matagal nang ginagawa ng kampo ni Uson.

Paliwanag pa nito, kinaiinggitan daw niya ang dalawang babae na lumabas sa video na humahalik sa mukha ni Ninoy sapagka't hindi man lang naibigay sa kanila ang pagkakataong iyon bago pinaslang ang naturang senador noong Agosto 21, 1983 sa ngayong Ninoy Aquino International Airport.

"The truth is, yes, my father is a hero and yes, he died for this country... pinaslang ang tatay ko and yung dalawang babae yun, nahalikan siya bago siya bumaba at bago siya naassassinate,

"Hindi moa lam yung sakit na pinaramdam mo dun sa post nay un kasi naisip ko na sana naibigay yung karapatan nay un sa mom ko. My mom deserved that because my mom gave her entire life to my dad,' giit ni Aquino.

Nagpasalamat din naman ang Queen of All Media sa mga patuloy na nagpapakita ng suporta sa kaniyang pamilya at patuloy na naniniwala sa pagabayani ng kaniyang mga magulang.

Sa isang Instagram post, nagpahayag din ang batikang endorser ng kasiyahan sa nangyaring paghingi ng tawad ni Go sa kaniya at sinabing saludo ito sa lakas nitong magtext sa kaniya dahil sa naturang insidente.

"SA Bong, thank you for your reply. Thank you for taking my feelings as a daughter into consideration and showing me EMPATHY," sabi nito sa naturang post na pumalo na sa 10k mahigit ang mga nag-like.

Pinaliwanag din ni Aquino, na hindi ang naturang opisyal ang unang lumapit sa kaniya at humingi pa siya ng tulong upang maabot lamang ang tanggapan ni Go.

"Thank you commissioner Aimee Neri for helping me reach him via text," ani ni Aquino.

Bagamat nagpahayag na ng paghihingi ng tawad si Go at pati ang pangulo, wala pading planong humingi ng tawad ni Uson. ***(Niceforo Balbedina)***